

Graduation ng 128 drug surrenderees sa Payatas, pinangunahan ni Joy B

Pinangunahan ni QC Vice Mayor Joy Belmonte ang pagtatapos ng 128 drug surrenderees mula sa anim na buwang rehabilitasyon at livelihood training sa Tahanan Rehabilitaton Center sa Payatas, Quezon City.

Ang Tahanan ang isa sa pinangangasiwaan ni Vice Mayor Belmonte bilang chairperson ng QC Anti -Drug Abuse Advisory Council (QCADAAC) upang mabigyan ng pagkakataon ang mga drug users na magbagumbuhay para sa kani kanilang mga pamilya. Ang hakbang ay bahagi ng pagpapaigting ng kampanya ng lokal na pamahalaan laban sa illegal drugs.

"Thank you sa pagiging bukas na pumunta sa Tahanan. Marami diyan na gumagamit (ngunit) ayaw nilang magpa-rehab kasi ayaw nilang magbago, palakpakan ni'yo ang inyong sarili dahil nagkaroon kayo ng pag-asa, nagdesisyon na kailangan kong magbagumbuhay, nagdesisyon na sige pupunta ako sa Tahanan, tatapusin ko 'yung anim na buwan at paglabas ko, magkakaroon ako ng tibay ng loob." Bahagi ng talumpati ni Belmonte sa mga graduates.

Sumailalim ang mga dating "drug users" sa anim na buwang

konsultasyon at livelihood training sa tulong ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). Kabilang sa kanilang training ang mga kurso sa Hilot Wellness Massage Training at Motorcycle and Small Engine Servicing. Bawat graduate ay tumanggap ng starter kit at P1,080 upang may kaunting kapital para sa bagong pamumuhay.

"Ang Tahanan ay hindi isang ospital o isang kulungan o piitan kundi isang Tahanan kung saan matatanggap ninyo ang pagkalinga at pagmamahal ng isang magulang, natutuwa ako na kinikilala ito sa Pilipinas dahil tayo lang ang may ganito kagandang drug facility at tayo lamang ang may ganitong klaseng kasamahan sa rehab facility natin na nagmamalasakit para sa ating lahat. Beyond [the staff's] work hours they really do everything to make sure that all of you get the second chance," dagdag ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*